

## KAMPEON NG WIKA 2020

1. Ang **Kampeon ng Wika** ay mataas na pagkilala sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Filipinas.
2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal, samahan, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Filipinas sa iba't ibang larang at disiplina.
3. Para sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taon. Para sa mga samahan, tanggapan, ahensiyang pampamahalaan, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taon.
4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa alinman sa mga katutubong wika sa iba't ibang larang at/o disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bilang pruweba.)
5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat.
6. Ang mga nominasyon ay kinakailangang maglakip ng mga sumusunod na kahingian:
  - KWF Pormularyo sa Nominasyon (maaaring i-download [dito](#))
  - Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahan at nilagdaan ng nagnomina
  - Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahan)
  - Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.
5. Ang nominasyon at iba pang kahilingan ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

**Lupon sa Kampeon ng Wika 2020**  
**Komisyon sa Wikang Filipino**  
**2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel**  
**San Miguel, Maynila**

5. Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa **31 ENERO 2020, 5nh.**
6. Ang tatanghaling Kampeon ng Wika 2020 ay tatanggap ng naturang gawad sa Pammadayaw:  
Araw ng Gawad sa Agosto 2020.
7. Para sa iba pang detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa telepono blg. (02) 736-2519, o magpadala ng email sa [kwf.timpalak@gmail.com](mailto:kwf.timpalak@gmail.com).